



Mga Babala tungkol sa Bush Fire

MAMALAGING MAY KAALAMAN, MANATILING LIGTAS

Kapag may panganib mula sa bush fire, ang 'NSW Rural Fire Service' ay gumagamit ng 'Bush Fire Alerts' (mga Babala tungkol sa Bush Fire) upang magbigay ng impormasyon sa mga apektadong komunidad gamit ang **radyo, telebisyon, at internet**. May tatlong antas ng 'Bush Fire Alert' (mga Babala tungkol sa Bush Fire) na tutulong sa inyong gumawa ng mga tamang desisyon para sa inyong kaligtasan.

ADVICE (PAYO)

Ang isang sunog ay nagsimula na.
Walang kagyat na panganib.
Alamin ang kasalukuyang nangyayari saka-sakali't
magbago ang situasyon.

WATCH AND ACT (MAGMASID AT KUMILOS)

May tumataas na antas ng banta.
Ang mga kondisyon ay nagbabago at kailangan
na ninyo ngayong simulan ang pagkilos para iligtas
ang inyong sarili at ang inyong pamilya.

EMERGENCY WARNING (PANGKAGIPITANG BABALA)

Ang 'Emergency Warning' ang pinakasukdol na antas ng
'Bush Fire Alerts'. Maaaring kayo ay nasa panganib at dapat
kumilos agad-agad. Ang anumang pag-antala ngayon ay
maglalagay ng inyong buhay sa panganib.

Saan kayo makakukuha ng impormasyon habang may bush fire?

- 'Bush Fire Information Line'
tungkol sa Bush Fire 1800 679 737
- 'NSW Rural Fire Service'
website www.rfs.nsw.gov.au
- www.facebook.com/nswrfs
www.twitter.com/nswrfs
- lokal na Radyo, TV, mga diyaryo

*Tandaan
ang isang sunog ay
magbabanta nang biglaan.
Huwag umasa sa isa
lamang na pinagkukunan ng
impormasyong pangkagipitan,
at maging handang kumilos*

Ang **EMERGENCY WARNING** ang pinakasukdol na antas ng 'Bush Fire Alert'.

Ang babala ay magbibigay ng impormasyon tungkol sa tindi ng sunog, ang lokasyon nito at ano ang dapat ninyong gawin. Ang mga 'Bush Fire Alerts' ay hindi laging ibinibigay na tulad ng pagkakasunud-sunod sa itaas. Ang sunog ay maaari munang nasa 'Watch and Act', o 'Emergency Warning'. Ang ilang sunog ay nagsisimula at kumakalat nang mabilis kaya ni wala nang oras para sa anumang babala. Dapat ay handa kayong magsagawa ng inyong 'Bush Fire Survival Plan' (Planong Pangkaligtasan laban sa Bush Fire) nang may kaunti o walang babala. Isali ang mga 'Bush Fire Alerts' sa inyong 'Bush Fire Survival Plan' bilang panulak na Lumikas nang Maaga o maghandang Manatili at Magtanggol, kung alin ang angkop.

PREPARE.**ACT.****SURVIVE.****BUSH FIRE INFORMATION LINE | 1800 679 737**

131450

